7

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Gawaing Pampagkatuto sa Values Education

Kuwarter 2

Aralin 7

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Sagutang Papel sa**
**Kuwarter 2: Aralin 7**
**Linggo 7**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruang 2024-2025. Layunin nitong mailahad ang nilalaman ng kurikulum, pamantayan, at mga kasanayang dapat malinang sa mga aralin. Ang anomang walang pahintulot na pagpapalathala, pamamahagi, pagmomodipika, at paggamit ay mahigpit na ipinagbabawal at may karampatang legal na katumbas na aksiyon.

Ang mga nahiram na nilalaman na kasama sa materyales na ito ay pag-aari ng mga may karapatang-sipi. Ginawa ang lahat upang malaman ang pinagmulan at makahingi ng permiso na magamit ang mga ito mula sa nagmamay-ari ng karapatang-sipi. Ang mga tagapaglathala at pangkat ng tagabuo ay walang anomang karapatan sa pagmamay-ari para sa mga ito.

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- James Cesar A. Metiam (Mariano Marcos State University)

**Tagasuri:**

- Amabel T. Siason (West Visayas State University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Ang bawat pag-iingat ay ginawa upang masigurado ang katiyakan ng mga impormasyong nakapaloob sa materyales na ito. Para sa mga katanungan o fidbak, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 and 8631-6922 o mag-email sa blr.od@deped.gov.ph.

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Ang Pagbabago ng Klima: Mga Sanhi at Epekto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |


I. **Bilang ng Gawain 1: *Fishbone Diagram* (10 minuto)**

II. **Mga Layunin:**

- Natutukoy ang sanhi at epekto ng pagbabago ng klima sa kabuhayan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya.

III. **Mga Kailangang Materyales:** panulat

IV. **Panuto:** Sa pamamagitan ng *Fishbone Diagram,* tukuyin ang sanhi at epekto ng pagbabago ng klima sa kabuhayan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya. Pagkatapos ay ibahagi sa klase ang iyong kasagutan.




V. **Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ano ang mahalagang natutuhan mo ukol sa epekto ng pagbabago ng klima sa kabuhayan, kalusugan, at kaligtasan ng pamilya gamit ang *Fishbone Diagram* ?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Ang Pagbabago ng Klima: Mga Sanhi at Epekto | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 2: Impormasyong Grapiko (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakagagawa ng isang impormasyong grapiko o *inforgraphics* na naglalayong makapagbigay ng mahahalagang mensahe tungkol sa sanhi at epekto ng pagbabago ng klima.

**III. Mga Kailangang Materyales:**

- *cell phone, laptop, o computer*
- Para sa mga mag-aaral na walang gadyet, maaaring gumamit ng mga ginupit na mga larawan mula sa *magazines at* pansining na materyales (lapis, pangkulay, atbp.)

**IV. Panuto:** Gumawa ng isang impormasyong grapiko o *infographics* na naglalayong makapagbigay ng mahalagang mensahe tungkol sa sanhi at epekto ng pagbabago ng klima na maaaring i-*upload* sa inyong *social media account (Facebook, Instagram, o Twitter)*. Isang paraan ito upang mabigyan ng kamalayan ang ibang tao sa mga isyung may kaugnayan sa pagbabago ng klima at mahikayat sila na magsagawa ng naaayon na mga hakbang upang mabigyang-lunas ang mga suliraning pangkalikasan. Gawing gabay ang rubrik sa paggawa.

| Krayterya | 25 | 20 | 15 | 10 | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Organisasyon | Buo ang kaisipan, konsistent, kumpleto ang detalye, at napakalinaw ang mensahe nang ginawa. | May kaisahan at may sapat na detalye. Malinaw ang mensahe nang gawa. | Konsistent, at may kaisahan, subalit kulang sa detalye at hindi gaanong malinaw ang mensahe. | Hindi ganap ang pagkabuo, kulang ang detalye, at di malinaw ang mensahe | |
| Kaangkupan sa Ideya | Angkop na angkop ang mga larawan at teksto sa tema. | Angkop ang mga larawan at teksto sa tema. | Hindi gaanong angkop ang mga larawan at teksto sa tema. | Hindi angkop ang mga larawan at teksto sa tema. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Pagkamasining | Lubos na nagpamalas ng pagkamalik hain sa paggawa. | Naging malikhain sa paggawa. | Hindi gaanong naging malikhain ang paggawa. | Walang ipinamalas na pagkamalik hain sa paggawa. | |
| Pagsumite | Isinumite sa takdang araw. | Isinumite ng 1 araw pagkatapos ng takdang araw. | Isinumite ng 2 araw pagkatapos ng takdang araw. | Isinumite ng 3 araw o higit pa pagkatapos ng takdang araw. | |

## SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 & 8 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Mga Gawaing Pampamilya na Tumutugon sa Pagbabago ng Klima | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 3: Ligtas-Kalikasan: Sama-Samang Pagkilos ng Pamilya (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakapagbibigay ng mga paraan kung paano makakatulong sa kapaligiran.
- Nakapagtatala ng epekto ng mga gawaing may magandang dulot sa kapaligiran.

**III. Mga Kailangang Materyales:** panulat

**IV. Panuto:** Ang unang kolum ng talahanayan ay naglalaman ng mga gawain na may kaugnayan sa pagbabago ng klima. Sa ikalawang kolum ay magtala ka ng mga epektibong paraan kung paano mo isasagawa ang gawain sa unang kolum. Sa ikatlong kolum naman ay magtala ng epekto ng mga gawaing ito sa kapaligaran at sa buhay ng tao.

| Mga Gawain | Mga Paraan sa Pagsasagawa | Epekto |
|---|---|---|
|  Pagtitipid ng Kuryente at Enerhiya | | |
|  Pagtitipid sa Tubig | | |
|  Pamamahala ng Basura | | |

| | | |
|---|---|---|
|  Paggamit ng Masasakyan | | |
|  Pagtatanim ng Puno | | |
|  Paggamit ng *Eco-Friendly* na Produkto | | |
|   Pagtukoy ng *Carbon Footprint* | | |
|  Pagtutok sa Pagkain | | |
|  Pagtutok sa Edukasyon | | |

| | | |
|---|---|---|
| | ____________________<br>____________________ | ____________________<br>____________________ |

## V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak

Bilang isang mag-aaral, ano sa iyong palagay ang pinakamahalagang hakbang na dapat mong gampanan sa pangangalaga ng ating kapaligiran?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Mga Gawaing Pampamilya na Tumutugon sa Pagbabago ng Klima | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 4: *Green Goals Board* (30 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nakapagbabahagi ng mga paraan na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kalikasan.

**III. Mga Kailangang Materyales:**

*cartolina* o *cardboard*, *sticky notes*, *marker o ballpen*, at iba pang pansining na kagamitan.

**IV. Panuto:** Hikayatin ang bawat miyembro ng pamilya na magbahagi ng mga paraan kung paano nila maipapakita ang pagmamalasakit sa kalikasan at itala ito sa *Green Goals Board*. Ang mga paraan na ito ay maaaring isagawa o isinasagawa nila sa kanilang pinagtatrabahuan, sa sariling barangay, sa paaralan, sa palaruan, sa lugar kung saan sila naroroon, atbp.




**Mga Hakbang:**

1. **Paghahanda ng *Green Goals Board*:**

- Pagkasunduan ng mga kasapi kung saan mo isasabit o ilalagay ang *Green Goals Board* sa loob ng inyong bahay. Dapat ito ay sa lugar na madaling makita at makapagpa-alaala sa bawat miyembro ng pamilya ng kanilang mga makakalikasang layunin.

2. ***Brainstorming Session*:**

- Magsama-sama ang pamilya at magtulungan sa pag-iisip ng mga paraan kung paano nila maipapakita ang pagmamalasakit sa kalikasan. Isulat ang mga nabuo at napagkasunduang layunin.

3. **Ilagay ang mga *sticky notes* sa *board*:**

- Idikit ang mga *sticky notes* sa *board*, ayusin ito batay sa kategorya o pangangailangan.

4. **Pagganap ng *Green Goals*:**

- Bigyan ng pagkakataon ang bawat miyembro ng pamilya na magsagawa ng kanilang piniling "*Green Goal*." Maaaring ito ay isang lingguhan o buwanang layunin.

5. **Pag-uusap Tungkol sa Progreso:**

- Regular na magkaroon ng pagsusuri at pag-uusap tungkol sa mga progreso at karanasan sa pagtupad ng mga *"Green Goals."* Anong mga pagbabago ang naramdaman o nakita ng bawat isa? Ano ang naging epekto ng kanilang mga ginawa sa ibang tao o sa kapaligiran?

6. **Pagkilala at Parangal:**

- Maaaring magkaroon ng pagkilala o parangal para sa mga miyembro ng pamilya na nakapagpatupad ng kanilang mga *"Green Goals."*

**V. Sintesis/Pinagyamang Pagsasanay/Pinalawak**

Ano ang iyong napagnilayan sa gawaing ito? Maaaring ibahagi ang iyong karanasan.

___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

**SAGUTANG PAPEL NG PAGKATUTO**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | VALUES EDUCATION | **Kuwarter** | 2 |
| **Bilang ng Aralin** | 7 | **Petsa** | |
| **Pamagat ng Aralin/ Paksa** | Pagtugon sa Pagbabago ng Klima | | |
| **Pangalan:** | | **Baitang at Pangkat:** | |

**I. Bilang ng Gawain 5: Kanta-Suri (15 minuto)**

**II. Mga Layunin:**

- Nasusuri ang mensaheng nais iparating ng kantang "Masdan Mo Ang Kapaligiran".

**III. Mga Kailangang Materyales:** panulat

**IV. Panuto:** Pakinggan at suriin ang kantang "Masdan Mo Ang Kapaligiran" ng bandang Asin.

*Wala ka bang napapansin sa iyong mga kapaligiran?*
*Kay dumi na ng hangin pati na ang mga ilog natin*
*Hindi na masama ang pag-unlad*
*At malayo-layo na rin ang ating narating*
*Ngunit masdan mo ang tubig sa dagat*
*Dati'y kulay asul, ngayo'y naging itim*
*Ang mga duming ating ikinalat sa hangin*
*Sa langit, 'wag na nating paabutin*
*Upang kung tayo'y pumanaw man*
*Sariwang hangin sa langit natin matitikman*
*Mayro'n lang akong hinihiling*
*Sa aking pagpanaw, sana ay tag-ulan*
*Gitara ko ay aking dadalhin*
*Upang sa ulap na lang tayo magkantahan*
*Ang mga batang ngayon lang isinilang*
*May hangin pa kayang matitikman?*
*May mga puno pa kaya silang aakyatin?*
*May mga ilog pa kayang lalanguyan?*
*Bakit 'di natin pag-isipan*
*Ang nangyayari sa ating kapaligiran?*
*Hindi nga masama ang pag-unlad*
*Kung hindi nakakasira ng kalikasan*

*Youtube* link sa kanta: https://www.youtube.com/watch?v=dH5QlJz1O4c

**Mga tanong sa talakayan:**

1. Ano ang mga hamon at suliranin na tinutukoy ng kanta ukol sa kalikasan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

2. Paano ipinahahayag ng Asin ang kaniyang pagnanasa na mapanatili at mahalin ang kalikasan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

3. Ayon sa kanta, *“hindi masama ang pag-unlad kung hindi nakakasira ng kalikasan.”* Ano ang kabutihang naidudulot ng pag-unlad? Ano naman ang di kanais-nais na dulot nito?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

4. Paano matitiyak ng tao na ang mga hakbang para sa pag-unlad ay hindi makasira sa kalikasan?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________

5. Kung hindi masisira ang kalikasan, paano mababago ang kalagayan ng pamilya, bansa, at mundo?

______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________